

Pagbibigay ng Access sa Epektibong Komunikasyon

Gabay para sa mga Appointment sa DMV ng Virginia

Mga Tulong para sa mga Customer na Bingi/Mahina ang Pandinig

Maraming available na opsyon para sa mga indibidwal na Bingi o mahina ang pandinig sa mga lokasyon ng Virginia Department of Motor Vehicles:

- Isang wireless electronic device, na tinatawag na UbiDuo, ang available kapag hiniling sa information desk sa mga lokasyon ng DMV sa buong Virginia. Ang UbiDuo ay binubuo ng dalawang maliliit na screen na may nakakabit na mga keyboard na direktang nag-uugnayan sa isa't isa. Pinapahintulutan nito ang customer at empleyado na makipag-usap sa service counter sa pamamagitan ng pag-type ng isang pag-uusap nang real time.
- May available na ASL na bersyon ng nakasulat na pagsusulit sa kaalaman sa lahat ng lokasyon ng Virginia DMV.
- Maaaring humiling nang maaga ng mga serbisyo ng interpreting ng ASL para sa anumang transaksyon sa DMV. Ang VDDHH ang nangangasiwa sa mga serbisyo ng interpreter, at ang DMV ang responsable sa pagbabayad para sa mga serbisyo ng interpreting.

Paghiling ng Interpreter ng ASL

Para humiling ng interpreter ng ASL para sa isang appointment sa DMV, maaaring makipag-ugnayan ang mga customer o kinatawan ng DMV sa VDDHH sa pamamagitan ng pag-email sa isp@vddhh.virginia.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa (804) 6629502. Kakailanganing malaman ng VDDHH ang: **pangalan/impormasyon sa pakikipag-ugnayan**, ng customer, ang **petsa at oras** ng nakaiskedyul o walk-in na appointment; ang **address** ng lokasyon ng DMV; at ang **layunin** ng appointment (pagsusulit sa kaalaman sa pamamagitan ng pagsulat, pagsusulit sa kasanayan sa kalsada, atbp.).

May mga Available na Placard at Espesyal na ID Kapag Hiniling

Nagbibigay ang DMV ng license indicator para sa mga indibidwal na Bingi o mahina ang pandinig upang ipaalam sa mga tauhan ng tagapagpatupad ng batas/emergency, pati na rin ang indicator ng identification card para sa mga walang lisensya o permit. Ang mga form na kailangan mong kumpletuhin para sa mga indicator na ito ay matatagpuan sa [website ng DMV](#), sa ilalim ng 'Pagkumpleto ng Aplikasyon'.

Nagbibigay ang VDDHH ng libreng visor card na may kasamang mga visual aid at indikasyon na ang isang driver ay Bingi o mahina ang pandinig. Para makita ang visor card, pakibisita ang [website ng DMV](#). Para humiling ng visor card, mangyaring makipag-ugnayan sa VDDHH sa pamamagitan ng telepono sa (804) 662-9502 o sa pamamagitan ng email sa info@vddhh.virginia.gov.

Mga Tanong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa
isp@vddhh.virginia.gov.

Para sa digital na kopya ng dokumentong ito na may mga hyperlink na maaaring i-click, mangyaring gamitin ang QR code o magpunta sa <https://www.vadsa.org/apps/DocumentRepository/Viewer/fileviewer/3439>.



Virginia Department for the
Deaf and Hard of Hearing